REPUBLIKA NG PILIPINAS
**PAMAHALAANG BAYAN NG MUNTINLUPA**
KALAKHANG MAYNILA

Tanggapan ng Sangguniang Bayan

**KAPASIYAHAN BILANG 93-50**

**KAPASIYAHAN NA NAGSASAAD NG TAOS-PUSONG PASASALAMAT SA MGA OPISYALES NG PAMAHALAANG LUNSOD NG CEBU SA PANGUNGUNA NI MAYOR TOMMY OSMENA, SA MAINIT AT MABUTING PAGTANGGAP SA MGA PINUNO NG PAMAHALAANG BAYAN NG MUNTINLUPA SA PANGUNGUNA NG PUNONGBAYAN MGGL. IGNACIO "TOTING" R. BUNYE.**

*****************************************************************

**Ipinanukala ng lahat ng Kagawad ng Sangguniang Bayan**

*****************************************************************

**SAPAGKAT,** ang paglalakbay sa labas ng pamayanan ay isang gawaing kapupulutan di lamang ng panibagong pananaw at kaalaman kundi ng sigla sa pakikipagtalastasan sa iba nating kalahi;

**SAPAGKAT,** naging makabuluhan at makasaysayan ang pakikipag-daupan ng palad at ng kaisipan ng mga pinuno ng Pamahalaang Bayan ng Muntinlupa sa mga opisyales ng Pamahalaang Lunsod ng Cebu;

**SAPAGKAT,** nabigyan ng panibagong kahulugan ang pag-iisa ng nabanggit na dalawang pamahalaang lokal dahil sa mainit at bukal sa kaloobang pagtanggap sa mga pinuno ng pamahalaang bayan na kamakailan lamang ay dumalaw sa maganda at progresibong lunsod;

**NGAYON, DAHIL DITO,** napagpasiyahan at muli pang pinagpasiyahan na pagtibayin ang kapasiyahan na nagsasaad ng taos-pusong pasasalamat sa mga opisyales ng Pamahalaang Lunsod ng Cebu sa pangunguna ni Mayor Tommy Osmena sa mainit at mabuting pagtanggap sa mga pinuno ng Pamahalaang Bayan ng Muntinlupa sa pangunguna ng Punongbayan Mggl. Ignacio R. Bunye.

**PINAGTIBAY NG BUONG PAGKAKAISA** ng lahat ng Kagawad ng Sangguniang Bayan ng Muntinlupa sa kanilang ika-31st na regular na pulong na ginanap ngayong ika-15 ng Marso, 1993.

**PINATOTOHANAN:**

**MGGL. JAIME R. FRESNEDI**
**Pang. Punongbayan/Pangulong Opisyal**

REPUBLIKA NG PILIPINAS
**PAMAHALAANG BAYAN NG MUNTINLUPA**
KALAKHANG MAYNILA

Tanggapan ng Sangguniang Bayan



KGG. ROGER C. SMITH
Konsehal

KGG. RUFINO B. JOAQUIN
Konsehal

KGG. ROMAN E. NIEFES
Konsehal

KGG. DANTE S. ALMARIO
Konsehal

KGG. ARTURO S. BUNYI
Konsehal

KGG. LUCIO B. CONSTANTINO
Konsehal

KGG. MELCHOR R. TEVES
Konsehal

KGG. REY E. BULAY
Konsehal

KGG. NOLASCO L. DIAZ
Konsehal

KGG. ALEJANDRO L.MARTINEZ
Konsehal

KGG. ERNESTO A. CARUBIO
Konsehal

KGG. REYNALDO A. ABAS,JR.
Konsehal

KGG. VICENTE Y. CHUA
Kinatawan ng Sektor
Pangulo, Samahan ng Sangguning Barangay

KGG. MIGUEL LUIS F. RIOS
Kinatawan ng Sektor
Pangulo, Pederasyon ng Sangguniang Kabataan

**PINATUTUNAYAN:**

**PETER B. SALONGA**
**Pambayang Kalihim**

**PINAGTIBAY:**

**MGGL. IGNACIO R. BUNYE**
**Punongbayan**